# Ang Tunay na Puno ng Ubas Yugto 1

"1 Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka. 2 Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga. 3 Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng salita na sa inyo'y aking sinalita. 4 Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin. 5 Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa. 6 Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at mga titipunin at mga ihahagis sa apoy, at mangasusunog. 7 Kung kayo'y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo. 8 Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad. 9 Kung paanong inibig ako ng Ama, ay gayon din naman iniibig ko kayo: magsipanatili kayo sa aking pagibig. 10 Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig. 11 Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos." (Juan 15:1-11)

Sinabi ni Jesus, "1 Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka." (Juan 15:1) Si Jesus ang tunay na puno ng ubas. Siya ang daan, at ang katotohanan at ang buhay. Ang Kaligtasan ay pamamagitan lamang ni Jesus at walang ibang paraan na makarating sa Diyos ang Ama maliban sa pamamagitan ni Jesus Kristo ang ating Panginoon. Ang Diyos Ama ay ang hardinero na siyang nagaalaga at tumitingin sa puno ng ubas. Pinoprotektahan Niya ito, Binibihisan Niya ito at pinagkakalooban Niya ito.

Nagsalita si Jesus sa huling araw na kasama Niya ang Kanyang mga alagad, bago siya arestuhin. Binuksan Niya ang Kanyang puso sa kanila at kinausap sila ng puso sa puso. Hinarap Niya sila ng may katotohanan at ng may realidad at kahit ngayon hinaharap Niya tayo sa katotohanang ito at kagustuhan Niya na manahan tayo sa katotohanan na ipinapahayag Niya, at ipinagpapatuloy Niya na ipahayag sa atin sa araw araw sa pamamagitan ng Kaniyang Salita at sa pamamagitan gawa ng Banal na Espiritu.

"Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga." ( Juan 15:2) Bawat isa sa atin ay sanga ng puno ng ubas ni Jesus. Kaya naman, kailangan nating mamunga. Kailangan natin mamunga. Tinawag tayo ng Diyos upang magpakarami ng bunga na gusto ng Diyos at minimithi na makita sa ating buhay at makita sa buhay ng Kaniyang simbahan. Mayroon tatlong bunga na kailangan nating maparami at makita ang pagunlad na makamit sila.

1. Ang bunga ng pagsisisi. Gusto ng Diyos na talikdan natin ang ating mga kasalanan.
2.Ang bunga ng Banal na Espiritu. Gusto ng Diyos na umunlad tayo sa ating pagkatao at paguugali na katulad ng kay Jesus . "22 Datapuwa't ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, 23 Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan." (Galacia 5:22-23) Tinawag tayo para magkaroon ng pagibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuhan, pagpipigil na kung saan pagkakaroon ng pagpigil sa sarili at pagpapasensya.
3. Ang bunga ng pagdadala ng bagong kaluluwa Kay Kristo at gumawa ng bago alagad para sa Kanya.

"Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga." ( Juan 15:2) Kung tayo ay nabubuhay at hindi namumunga ng napaparami, tapos tayo ay aalisin mula puno ng ubas.

"2 Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga." ( Juan 15:2) Kung tayo ay nagtitiyaga na magpakarami ng bunga ang Panginoon ang gagawa na mamunga tayo sa paglilinis sa atin. Paglilinis ay lilinisin tayo at aalisin mula sa atin ang dumi, mantsa at maling bagay na hindi nakakalugod sa Diyos para tayo ay higit na mamumunga. Paglilinis sa atin minsan ay masakit dahil kasama dito ang pagdidisiplina, pagsaway, at pagtutuwid kung saan sapilitan tayo na sumunod sa Kanya at umalis sa pamamagitan ng makipot na daan na gusto Niya na pagdaanan natin.

Sa tamang panahon ang paglilinis ay napakasakit at magulo at kung saan ginagawa ng Diyos sa atin na ang mga bagay ay nagkakawatak watak subalit pagkatapos ng sandali at pagkatapos ng ilang panahon, ang plano ng Diyos ay magbubukas at makikita natin ang bago kakayahan at ang bago pagpapala na inihanda at Ibinigay ng Diyos sa atin upang magkaroon, at ang kakayahan na bagong bunga na tinawag tayo ng Diyos na makamit at matupad para sa Kanya.

"Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng salita na sa inyo'y aking sinalita." (Juan 15:3) Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad na natanggap na nila ang paglilinis sa pamamagitan ng Salita na sinabi Niya sa kanila. Sa bawat oras, binabasa natin ang Salita ng Diyos, nakikinig tayo sa pagbabasa ng Kaniyang Salita at nakikinig tayo sa mensahe ng Diyos galing sa Banal na Espiritu natatanggap natin, ang paglilinis sa pamamagitan ng pagpapaalala ng Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng pagsaway at pagtutuwid, at sa pamamagitan ng pagtuturo na gumagabay sa atin at magtuturo sa atin paano mabuhay at paano pamahalaan ang ating pamumuhay at gawin kung ano itinalaga mula sa atin upang gawin.

Magalak na magbasa ng iyong Bibliya. Magalak kang makinig sa Salita ng Diyos at magalak ka na makinig sa mensahe ng Banal na Espiritu na ipinadala sa simbahan upang linisin tayo.

"Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin."(Juan 15:4) Gusto ni Jesus na manatili tayo sa Kanya, upang manatili Siya sa atin.

Kailangan natin umalis at kumilos sa direksyon na gusto ni Jesus na umalis at pumunta. Kailangan natin sumunod sa Kaniyang direksyon at hindi dapat natin Siya itakwil at ipagkaila ang Kanyang utos sa atin. Tulad ng sanga ng puno ng ubas, hindi sila mamumunga ng hindi nakadugtong sa puno ng ubas, tayo sa ating sarili wala tayong kakayahan na magparami ng bunga kung hindi tayo mananatili at mamalagi kasama si Jesus at sumunod sa Kanya at sa Kanyang kaparaanan. Ang puno ng ubas ay ang simbahan, upang manatili kasama si Jesus kailangan natin na manatili sa Kaniyang simbahan. Tayo ang bahagi ng katawan ni Kristo at wala tayong sapat na kakayanan at mamunga maliban kung tayo ay mananatili sa Kanyang simbahan. Tinawag tayo ng Diyos upang makipaguganayan sa isa't isa, upang magpasailalim sa isa't isa, upang paalalahanan ang isa't isa, upang ibigin ang isa't isa, upang suportahan ang isa't isa at tinawag tayo upang lumago sa ugnayan sa bawat isa sa pamamagitan ng bunga ng Banal na Espiritu na gusto ng Diyos na makita sa ating buhay. Marami ang umalis sa simbahan at inihiwalay ang kanilang sarili, hindi nila kakayanin na mamunga maliban kung silay mananatili sa simbahan ng Diyos.

"Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa."(Juan 15:5) Si Jesus ay puno ng ubas at tayo ay mga sanga. Bawat isa sa atin ay sanga at kailangan nating manatili kay Jesus at sa Kanyang direksyon at tagubilin at sumunod sa kanyang paraan upang tayo ay mamunga. Kung gagawin natin ito tayo ay magbubunga ng marami. Kung hindi natin kasama si Jesus hindi natin kaya magsisi at hindi natin kaya na mamunga ng bunga ng Banal na Espiritu. Kung hindi tayo mananatili kasama si Jesus, wala tayo kakayanan na magdala ng kahit ano bunga, at wala tayo kakayanan na gawin ang anumang mabuti.

"Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at mga titipunin at mga ihahagis sa apoy, at mangasusunog." (Juan 15:6) kung hindi tayo susunod Kay Jesus, tayo ang magiging katulad ng sanga na nahulog mula sa puno.Silay titipunin at ihahagis sa apoy.Kung tayo ay hindi mananatili sa Panginoon mawawala ang ating kaligtasan at tayo ay magwawakas sa impyerno na katulad ni Judas Iscariot natapos noong pinagtaksilan si Jesus at nag wakas kung saan siya nararapat.

"Kung kayo'y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo." (Juan 15:7) Kailangan ni Jesus na manatili tayo sa Kanya, na manatili sa puno sa Kanyang simbahan, kailangan Niya din manatili tayo sa Kanyang Salita, didiktahan Niya tayo ng tiyak na tagubilin na gawin natin ng buong pagpapasailalim sa Kanya.May tamang oras na kailangan nating malaman ang ano ang kailangan natin gawin sa ating relasyon sa isa't isa, na kung saan ang Salita ng Diyos na nagdidikta sa atin ano ang kailangan nating gawin. Kung mananatili tayo sa Salita ng Diyos, wala tayo hihingin sa Diyos sa ating panalangin na anuman na wala sa Kanyang Salita. Ang Kaniyang Salita ay ang magtutuwid sa atin ano ang kailangan nating tayuan. At kung tayo ay malinaw na sinasangayunan ang Kaniyang Salita ang ating panalangin ay kaaya aya sa Diyos at alinsunod sa kalooban ng Diyos.

"8 Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad. (Juan 15:8) Kung tayo ay nasupil sa ganitong paraan na nanatili tayo sa Panginoon, tapos tayo ang mamunga ng marami at tutulungan tayo ng Diyos at gagamitin tayo mamunga ng marami para sa Kaniyang kalooban at para sa Kaniyang kaluwalhatian.

"9 Kung paanong inibig ako ng Ama, ay gayon din naman iniibig ko kayo: magsipanatili kayo sa aking pagibig." (Juan 15:9) Ang paraan ng pagibig ng Diyos kay Jesus, Si Jesus ay iniibig tayo. Ang Diyos Ama ay iniibig si Jesus noong ibinigay Niya ang kanyang mga utos. Si Jesus ay inibig tayo noong ibinigay Niya sa atin ang Kanyang mga utos. Para magpatuloy tayo sa pagibig ni Jesus, kailangan natin magpatuloy sa Kanyang mga utos. Nasa katotohanan tayo ng katuruan na kailangan natin manatili Kay Jesus sa Kaniyang pagibig sa pamamagitan ng pagsunod sa Kaniyang mga utos, katulad ni Jesus ay nanatili sa pagibig ng Ama sa pagtupad sa mga utos. "10 Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig." (Juan 15:10) Kaya naman, sa pananatili natin sa pagibig ni Jesus, kailangan nating manahan sa Kanyang utos at tagubilin. Sa ilang pagkakataon, tayo ay nawawala sa pagibig sa ilang mga bagay ng mas higit pa kay Jesus, kaya naman, ang Kanyang utos ang magtutuwid sa atin kung paano at ano kailangan natin gawin upang bumalik at ibigin si Jesus sa pagsunod sa Kaniyang mga utos.

"11 Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos." (Juan 15:11) Sa deklarasyon ito at pagtuturo ni Jesus ang katotohanan ay malinaw na nahayag sa atin at ang kailangan natin para manatili. Saan ang katotohanan ay nahayag ang alagad at ang mga tagasunod ni Jesus na umiibig sa Diyos ,sila'y nagbubunyi sa katotohanan. Ang kagalakan ni Jesus ay maipaalam ang katotohanan at malaman ano ang magaganap sa hinaharap, bilang Siya na nagpapahayag ng katotohanang ito at tayo kasama sa kanila ngayon, Ang Kanyang kagalakan ay nasa atin katulad ng sa kanila hanggang sa sukat ng kanilang kagalakan at ating kagalakan ngayon ay makompleto.

Sa aking mga minamahal: Ang apat na pananatili na idinekta ni Jesus ay ang mga sumusunod:

A. Upang manahan sa Kanya:ay ang patuloy na pagsunod sa Kanya at sa Kanyang mga utos sa atin.
B. Upang manahan sa puno:ito ay manatili sa Kanyang simbahan, at sangayon na maging ganap at lumago sa atin relasyon kasama ang isa't isa. Tinawag tayo na panatilin ang pagkakaisa ng Espiritu sa pagbubuklod ng kapayapaan. "Kaya't ako, na isang bilanggo dahil sa Panginoon, ay nakikiusap sa inyo na mamuhay kayo gaya ng nararapat sa mga tinawag ng Diyos. Kayo'y maging mapagpakumbabá, mahinahon at matiyaga. Magmahalan kayo at magpasensiya sa isa't isa. Sikapin ninyong mapanatili ang pagkakaisa na kaloob ng Espiritu, sa pamamagitan ng kapayapaang nagbubuklod sa inyo.(Taga Epeso 4:1-3) Hindi lang tayo may pananagutan sa Diyos ngunit may pananagutan din tayo sa isa't isa.Tayo ay responsable sa bawat isa at kailangan nating magbigay ng masigasig n kaalaman sa ating uganayan sa isa't isa bago ang Diyos.

C. Upang manahan sa Kanyang Salita: Ito dapat ang pamantayan sa atin upang tayo ay maging alisto kung paano natin isasaayos ang ating buhay, desisyon, at ang ating ugnayan sa isa't isa ng tama ayon sa Kanyang Salita.
D. Upang manahan sa Kanyang Pagibig: Sa pagsunod sa Kanyang mga utos na makikita at mababasa natin sa Kanyang Salita.

Ito ang apat na usapin upang manatili kasama ng pasimula sa karagdagang aralin na ang Panginoon ang nagdikta sa atin ngayon kung ano ang kailangan idagdag na gawin.

Kailangan mong mamunga. Tinawag ka ng Diyos upang magpakarami ng bunga na hangad at gusto ng Diyos na makita sa iyong buhay at makita sa buhay ng Kaniyang simbahan; ang bunga ng pagsisi, ang bunga ng Banal na Espiritu at ang bunga ng pagdadala ng bagong kaluluwa kay Kristo at makagawa ng bagong alagad para sa Kanya.

Ang Panginoon ay pamumungahin ka sa paglilinis sayo. Paglilinis ay proseso ng paglilinis at pagaalis mula ng dumi sayo, kapintasan, at mali bagay na hindi kaaya aya sa Diyos upang mamunga ka ng marami. Paglilinis ay masakit sa ilang panahon sapagkat kalakip nito ang pagdidisiplina, pagsaway, at pagtutuwid kapag sapilitan kang sumunod sa Kanya at pumunta sa pamamagitan ng makipot na daan na gusto Niyang pagdaanan mo.

Sa ilang panahon ang paglilinis ay napakasakit at magulo na kung saan may ginagawa ang Diyos sa atin na ang mga bagay ay nagkawatak watak subalit pagkatapos ng sandali at pagkatapos ng tamang panahon, ang plano ng Diyos ay magbubukas at makikita natin ang bagong kakayahan at bagong pagpapala na inihanda at ibinigay ng Diyos para sa atin upang magkaroon, at ang kakayahan ng bagong bunga na tinawag ka ng Diyos para makamit at matupad para sa Kanya.

Magalak na magbasa ng iyong Bibliya. Magalak na makinig sa Salita ng Diyos at magalak ka na makinig sa mensahe ng Banal na Espiritu na ipinadala sa Kanyang simbahan dahil ito ay mahalagang paraan ng Diyos upang linisin ka mula sa mga kasalanan, kamalian at masama paguugali.

Ang sanga sa puno ng ubas ay hindi mamunga ng walang kauganayan sa sa puno ng ubas, kaya naman wala kang kakayahan na mamunga kung hindi ka mananatili at manahan kay Jesus at sumunod sa Kanya at sa Kanya kaparaanan.

Kung wala Jesus sayo wala kamg kakayahan na magsisi at wala kang kakayanan na mamunga ng bunga ng Banal na Espiritu. Kung hindi ka mananatili kasama si Jesus, wala kang kakayanan na mamunga ng kahit ano bunga, at wala kang kakayanan na gawin ang anumang bagay na mabuti.

Ang puno ng ubas ni Jesus ay ang Kanyang simbahan, at wala kang sapat na kakayahan at mamunga maliban kung ikaw ay mananatili sa Kanyang simbahan; na ibig sabihin ay makipaguganayan sa isa't isa, na magpagsalilalim sa isa't isa, na paalalahanan ang isa't isa, na ibigin ang isa't isa, na ipagdasal ang isa't isa, suportahan ang isa't isa, at lumago sa ugnayan sa isa't isa sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na gusto ng Diyos na makita sa iyong buhay. Kung hindi ka susunod kay Jesus, ikaw ay matutulad sa mga sanga na nahulog sa baba mula sa puno ng ubas.

Kung hindi ka mananahan sa Diyos, mawawala ang iyong kaligtasan at ikaw ay mapupunta sa impyerno katulad mi Judas Iscariot na natapos ng pagtaksilan si Jesus at napunta kung saan siya nararapat.

Gusto ni Jesus na manatili ka sa Salita ng Diyos at sa Kanyang Salita na magdirekta sayo ano ang kailangan mong ipanalangin at hingin sa Diyos at ano ang kailangan mong gawin. At kung malinaw na naihayag kasama ng Kanyang Salita ang iyong dalangin ay magiging kalugod lugod sa Diyos at naayon sa kalooban mg Diyos. Kagustuhan ni Jesus na manatili ka sa Kanyang pagibig habang ikaw ay nagpapatuloy sa pagsunod sa Kanyang mga utos na ang Kanyang mga utos ang magtutuwid sayo kung paano at ano ang iyong dapat gagawin.

Kapag ikaw ay sinusupil at itinutuwid sa ganito paraan kasama ng Salita ng Diyos at kasama ng Kanyang pagibig, ngayon ikaw ay mamunga ng marami at tutulungan ka ng Diyos at gagamitin ka ng makapamunga ng marami, para sa Kanyang kaluwalhatian at kasama dito ang kagalakan ni Jesus ay mananahan sa iyo at sa iyong buhay.

Tayo ay manalangin: Aking Panalangin: Ama naming Diyos, lumalapit ako bago sayo sa pangalan ni Jesus, na siyang namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang mabigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita sa akin, at salamat sa pagpapaalala na manatili sayo, na manatili sa iyong simbahan, na manatili sa iyong Salita at manatili sa iyong pagibig.

Panginoon nagsisisi ako sa sumusunod kong mga kasalanan: Panginoon tinatlikuran ko silang lahat. Panginoon habang aking tinatalikuran ang aking mga kasalanan at ibinibigay ko ang aking sarili sa prinsipyo ng mensahe na manatili sayo, na manatili sa iyong simbahan at gawin ang aking obligasyon at gawin ang mabuti tungo sayo at tungo sa Iyong simbahan at habang ako nanatili sa Iyong Salita at sa Iyong pagibig, Panginoon hinihingi ko ang Iyong tulong na makapamunga at hayaan na ang bunga ng Banal na Espiritu ay makita sa aking buhay.

Panginoon panatilihin mo ako at pag kalooban mo ako. Lahat ng ito Panginoon, patuloy mong ipahayag ang iyong Salita na pagpapaalala sa akin at makakatulong na yakapin ano ang kailangan kong gawin para Sayo at para sa bawat isa. Panginoon ako nagtitiwala Sayo na

hindi mo ako iiwan o pababayaanan, nagtitiwala ako na sasagutin mo ang aking panalagin, at makakumpleto ang iyong gawain sa aking buhay at Iyong kagalakan ay mapasaakin at aking kagalakan ay makompleto.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagtalaga ng kanilang mga sarili sa prinsipyo ng mensahe ito mula sayo. Panginoon pagpalain mo sila at gawin mo makapamunga sila sa paglilinis sa kanila mula sa kanilang kasalanan at mula sa anumang sagabal na makakaapekto sa kanilang pamumunga, upang sila'y makapagani ng maraming bunga para sayo. Panginoon ipinapanalangin ko sila na maging ganap at lumago sa iyong biyaya, at bilang kami Simbahan ng Diyos ay makamit ang iyong inaasahan at ano ang gusto mo makita sa aming buhay. Panginoon ipinapanalangin ko na marami pang bunga ng Banal na Espiritu na mahayag sa aming buhay at sa aming ugnayan kasama ng bawat isa.

Panginoon ipinapanalangin ko na ibaba mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu at ibigay mo sa amin ang kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan namin sa aming buhay ng sa ganon kami ay makapunta at makapagpahayag ng ebanghelyo at magkaroon ng bago alagad at makabuo ang gawain na itinalaga mo sa amin na gawin. Panginoon protektahan mo kami sa masama at ibigay mo sa amin ang aming kailangan upang makapagpatuloy na makapglingkod sayo. Panginoon bigyan daan mo kami na magkaroon ng bago pagaaral ng Iyong Salita at magtanim ng bago kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain mo kami at palawakin mo ang aming lupain, mapasaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan ng sa ganon hindi kami makaranas ng sakit. Ang pagpapala nawa ng Panginoon Jesus at sa pagibig ng Diyos Ama at pagkakaisa ng Banal na Espiritu ay suma aming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com